



بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

Sa Ngalan ng Allah, Ang Mahabagin, Ang Maawain

Ang Mga Nakapagpapawalang-bisa Ng Islam



www.islamhouse.com

المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالربوة
ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH
P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 - TEL 4454900 - 4916065
FAX 4970126 - E-Mail:rabwah@www.com

Akda Ni:
Imam Muhammad Bin Abdul-Wahab

Panimula Ni:
Sheikh Dr. Abdullah Bin Jibreen

Ipinaliwanag Ni:
Sheikh Abdulaziz Addwesh

Isinalin sa Wikang Filipino Ni:
Yusuf Alaiden Butucan

Unang Limbag 1427 H., 2006 CE

Ang lahat o anumang bahagi nitong aklat ay maaaring gamitin sa anumang pamamaraang paglalahad hangga't ang nilalaman nito'y hindi inililihis sa tamang kahulugan at diwa nito.

Nais naming ipaabot ang aming taos-pusong pasasalamat sa lahat ng tumulong sa pagpapalimbag ng aklat na ito. Nawa'y biyayaan sila ng Allah sa kanilang mga pagsisikap. Kung mayroon kayong pagtutuwid, puna o katanungan hinggil sa aklat na ito, mangyaring makipag-ugnayan lamang sa: **www.islamhouse.com**



1427 H
[4328]

Inilimbag ng:

The Islamic Propagation Office in Rabwah

Tel. 4454900 - 4916065

www.islamhouse.com

©

:

www.islamhouse.com

4916065 – 4454900 :

www.islamhouse.com :

ANG MGA NAKAPAGPAPAWALANG-BISA NG ISLAM

PANIMULA

Pinupuri ko ang Dakilang Allah at ako ay nagpapasalamat sa Kanya at humihingi ng Kanyang kapatawaran. Ako ay dumadalangin na nawa'y bigyan ng pagpapala at kapayapaan ang pinakamabuti sa lahat ng Kanyang mga nilikha, ang ating Propeta Muhammad ﷺ, ang kanyang pamilya at ang kanyang mga kasamahan.

Tunay, na ang kapatid na si Abdul Aziz Addwesh ay isa sa mga mag-aaral ng kaalaman na gumawa ng malaking pagpapakasakit sa larangan ng *Da'wah* (pagpapalaganap ng mensahe ng Islam) bilang bahagi ng paglilingkod niya sa Allah. Siya ay pinagpala ng Allah sa pamamagitan ng pagsalin ng maraming lathalain ng mga kinikilalang pantas na Muslim sa wikang Ingles, umaasang ang iba ay magkaroon din naman ng pagpapala mula sa Allah sa pamamagitan ng kanyang mga ginawang pagsasalin. Ang Sampung Nakapagpapawalang-bisa ng Islam (*Nullifiers of Islam*), na sinulat ni Sheikh Muhammad Bin Abdul Wahhab ay isa sa kanyang ginawang pagsalin. Ito ay isang pagpapaliwanag tungkol sa paksang tinatalakay sa aklat na ito. Tunay na siya ay nakagawa ng isang maganda at kapaki-pakinabang na lathalain. Ang aking payo, hinggil sa aklat na ito at ilan pang katulad nito, ay basahin ito upang magkaroon ng kaalaman na magbibigay karagdangang *Eemaan* at mabuting gawain. At aking idinadalangin sa Allah na pagpalain ang gawaing ito at ang ibang lathalain at ipagkaloob sa may-akda ang dakilang gantimpala. Ang Allah ang Maalam. Wa sallahu Wa salam Ala nabi'yinna Muhammad wa Ala a'lihi wa sahabihi wa sallim.

Sinulat ni: Sheikh Dr. Abdullah bin Abdurrahman Al Jibreen.

Ang lahat ng papuri at pasasalamat ay para sa Allah lamang, ang Siyang nagbigay gabay sa atin sa pananampalatayang Islam, at kung hindi tayo ginabayan ng Allah, katiyakan na hindi natin matatagpuan ang matuwid na landas. Ang kapayapaan at pagpapala ay mapasa huling Sugo at Propeta ng Allah na siyang nagsabi:

"Iniwang kayo sa maputi (maliwanag na Landas) na kung saan ang gabi ay katulad ng araw. Walang sinuman ang maliligaw sa landas pagkaraan ko maliban yaong nalugi (nawalan)." (Iniulat ni Ibn Majah).

Ang Islam ang pinakadakilang biyaya na ipinagkaloob sa atin ng Allah, kaya nararapat sa isang Muslim na pasalamatan ang Dakilang Allah sa biyayang ito at pag-aralan kung paano ito pananatilihin. Gayundin, kinakailangan sa isang Muslim na tularan ang mga gawa ng mga kasamahan ng Propeta ﷺ. Dapat niyang alamin at iwasan ang mga bagay na maaaring mag-aakay sa kanya tungo sa pagkawala ng kanyang pananampalataya.

Isinalaysay ni Hudhaifa Bin Al-Yaman: ***"Ang mga tao ay kadalasang nagtatanong sa Propeta Muhammad tungkol sa mabuti, samantalang ako naman ay palagiang nagtatanong sa kanya tungkol sa masasama sa pangamba na baka ito ay manaig o mangibabaw sa akin."*** [Iniulat ni Al-Bukhari].

Mga kapatid sa Islam, aking ilalahad ang maikling pagpapaliwanag ng *NAWAAQIDH AL-ISLAM* (Mga Nakapagpapawalang-bisa ng Islam) na sinulat ni Imam Muhammad Bin Abdulwahab. Ito rin ay hinango mula sa mga salita ng mga pinagpipitaganang pantas (Iskolar) ng Islam, na sina Sheikh Abdullah As-Sa'ad at Sheikh Sulaiman Al-Olowan, upang mapag-aralan ito at upang maiwasang mahulog sa pagkakasalang *Kufr*¹ (kawalan ng pananampalataya) pagkaraan kayo ay iligtas ng Allah mula rito.

Bismillahir Rahmanir Raheem

(Sa Ngalan ng Allah, ang Mahabagin, ang Maawain)

Sinimulan ng may akda ang kanyang aklat ng *Bismillahir Rahmanir Raheem* katulad nang nasa Qur'an at katulad ng kinagawian ng Sugo ng Allah tuwing siya ay gumagawa ng sulat. Higit na mabuti sa tuwing susulat ng liham na simulan ito ng *Bismillah* na ating matutunghayan sa *Saheeh Al-Bukhari*, hinggil sa liham na sinulat ng Sugo ng Allah kay Heraculus. Si Imam Annawawe ay nagsabi: "Sa *Hadith* na ito, may patunay na sa tuwing susulat ng liham, higit na mainam na simulan ito ng *Bismillahir Rahmanir Raheem* kahit na ang pinadadalhan ng sulat ay hindi Muslim."

“Dapat nating malaman na ang *Nawaaqidh Al-Islam* (Mga Nakapagpapawalang-bisa ng Islam) ay sampu”:

Kinakailangan ng bawa't isa sa atin na alamin at unawain ang kahalagahan ng pag-aaral tungkol sa mga bagay na nakapagpapawalang-bisa ng Islam ng isang tao at ang pag-iwas na mahulog dito. Ang nakapagpapawalang-bisa ng Islam ay mga gawaing nakasisira ng pananampalataya na nagiging dahilan upang ang mga mabubuting gawa ay mawalan ng saysay at sa bandang huli ang kasasadlakan ay ang Apoy sa Impiyerno. Ang mga nakapagpapawalang-bisa ng Islam ay humigit-kumulang sa sampu. Ang ibang mga pantas ay bumibilang ng siyamnapu at ang iba naman ay umabot pa sa apatnaraan, nguni't ang paksa na aking tatalakayin ay batay lamang sa nabanggit na sampu.

Ang Una: “Ang *Shirk*” (Pagbibigay Katambal sa Pagsamba Allah).

Ang Allah ay nagsabi:

﴿إِنَّ اللَّهَ لَا يَغْفِرُ أَنْ يُشْرَكَ بِهِ وَيَغْفِرُ مَا دُونَ ذَلِكَ لِمَنْ يَشَاءُ﴾^١

“Katotohanan, hindi patatawarin ng Allah ang sinumang magbigay katambal (sa pagsamba) sa Kanya, nguni't Kanyang patatawarin (ang anupaman) na Kanyang naisin.” [4:48]

¹ *Kufr*. Ito ay pagtakwil sa katotohanan at kawalan ng pananampalataya o paniniwala sa mga haligi ng Islamikong Pananampalataya: ang paniniwala sa Allah bilang Nag-iisang Diyos na dapat sambahin, ang paniniwala sa Kanyang mga Anghel, ang paniniwala sa Kanyang mga Sugo at Propeta, ang paniniwala sa mga Kasulatan o Kapahayagan, ang paniniwala sa Araw ng Pagkabuhay na muli o Paghuhukom, at ang paniniwala sa *Qadar* (Tadhana). Ang isang *taong* nagkasala ng *Kufr* ay tinatawag na *Kafir* (o sa pangmaramihang bilang: *Kafirun* o *Kuffar*)

At Kanya ring sinabi:

﴿ إِنَّهُ مَنْ يُشْرِكْ بِاللَّهِ فَقَدْ حَرَّمَ اللَّهُ عَلَيْهِ الْجَنَّةَ وَمَأْوَهُ النَّارُ وَمَا لِلظَّالِمِينَ مِنْ أَنْصَارٍ ﴾

“Katotohanan, sinuman ang magbigay katambal (sa pagsamba) sa Allah, magkagayon ipagbabawal ng Allah sa kanya ang Paraiso at ang Apoy (sa Impiyerno) ang kanyang magiging tahanan. At sa mga Dha’limeen (politiyesmo at mapaggawa ng masama) ay walang (matatagpuang) katulong.”[5:72].

Gayundin, kabilang sa *Shirk* ay ang pag-aalay sa iba bukod pa sa Allah.

Ang may akda ay nagsimula sa *Shirk* (pagtatambal) bilang pangunahing paraan ng pagkawalang-bisa ng Islam batay sa dalawang dahilan. **Una**, sapagka't marami sa mga tao ang nahuhulog sa malaking kasalanang ito. Ang Allah ay nagsabi:

﴿ وَمَا يُؤْمِنُ أَكْثَرُهُمْ بِاللَّهِ إِلَّا وَهُمْ مُشْرِكُونَ ﴾

“At ang karamihan sa kanila ay hindi naniniwala sa Allah bagkus sila ay nagbibigay katambal sa Kanya.” [12:106].

Pangalawa, sapagka't hindi pinatatawad ng Allah ang sinumang namatay na nasa kalagayan ng pagkakasalang ito (*Shirk*). Ang Allah ay nagsabi:

﴿ إِنَّ اللَّهَ لَا يَغْفِرُ أَنْ يُشْرَكَ بِهِ وَيَغْفِرُ مَا دُونَ ذَلِكَ لِمَنْ يَشَاءُ ﴾

“Katotohanan, hindi patatawarin ng Allah ang sinumang magbigay katambal (sa pagsamba) sa Kanya, nguni't Kanyang patatawarin (ang anupaman) na Kanyang naisin.” [Surah an-Nisaa 4:48].

Binigyang-pakahulugan din ng Sugo ng Allah ang *Shirk* bilang napakalaking kasalanan na nagagawa ng tao. Isinalaysay ni Abdullah Bin Mas’ud:

“Aking tinanong ang Sugo ng Allah kung ano ang pinakamalaking kasalanan sa paningin ng Allah? Siya ay sumagot ‘Ang pagbibigay katambal sa pagsamba sa Allah [sa kabila ng katotohanang] Siya ang lumikha sa iyo. Siya [na taga-ulat] ay nagsabi: ‘Tunay nga na ito ay napakalaking kasalanan O Sugo ng Allah.’ Siya na [taga-ulat] ay muling nagtanong: Ano ang sumunod na [malaking kasalanan]? Ang Sugo ay sumagot, ‘Ang patayin ang iyong sariling anak sa pangambang makasalo mo siya sa pagkain’ Siya na [taga-ulat ay muling nagtanong: Ano ang sumunod na [malaking kasalanan]? Ang Sugo ng Allah ay sumagot, ‘Ang makipagtalik sa asawa ng iyong kapitbahay.’ [Iniulat ni Muslim]

Isinalaysay ni Abdulrahman Bin Abu Bakra, ayon sa kanyang ama: Kami ay kasa-kasama ng Propeta Muhammad ﷺ nang kanyang sabihin: **“Nais ba ninyong ipaalam ko sa inyo ang pinakamalaki sa lahat ng malalaking kasalanan? Tatlong beses na sinabi ng Propeta ang**

tanong na ito at pagkatapos ay kanyang sinabi: ‘Pagbibigay katambal sa Allah, di paggalang sa magulang, at ang maling pahayag (testimony).’ Ang Propeta ay umupo mula sa pagkakasandal at patuloy na inulit-ulit niya ito nang maraming beses na para bang hindi na siya titigil” [Iniulat ni Muslim]

Isinalaysay ni Abu Hurairah na ang Sugo ng Allah ay nagsabi: **“Iwasan ang pitong kasuklam-suklam na bagay” Ang sabi (ng mga nakarinig) “Ano ang mga iyon, O Sugo ng Allah?” Siya ay sumagot; “Pagbibigay katambal sa Allah, pagsagawa ng karunungan itim, pagkitil ng buhay ng walang sapat na kadahilanan, paglustay o paglamon ng yaman (ari-arian) ng ulila, paglamon ng (kita) mula sa patubuan (usury), pagtalikod mula sa kaaway sa oras ng digmaan, at ang paratangan ang malinis na babaing mananampalataya nang walang pag-iingat.”** [Iniulat ni Al-Bukhari at Muslim].

Ang *Shirk* ay “pagtuturing sa huwad na diyos bilang kapantay ng Allah sa Kanyang mga Katangian.” O kaya’y ang *Shirk* ay “pag-aalay at pagtuon ng anumang gawang pagsamba sa iba bukod sa Allah”.

Ang pagkahulog sa *Shirk* ay nagagawa sa iba’t ibang paraan.

Sa salaysay ni Abdullah Bin Mas’ud, ang Sugo ng Allah ay nagsabi: **“Ang *Shirk* (pagtatambal) ay may humigit kumulang sa pitumpong uri”** [Iniulat ni Al-Ba’zar].

Nangangahulugan sa *Hadith* na ito na ang pagkahulog sa *Shirk* ay nangyayari hindi lamang sa pamamagitan ng paggawa ng isang kasalungat ng *Tawheed* (Kaisahan), katulad ng maling pagakala ng nakararami. Ang *Shirk* ay maaaring magawa sa pamamagitan ng pagbibigay katambal sa Allah sa Kanyang *Ulooheeya* (ang tungkulin ng nilikha sa kanyang Tagapaglikha, katulad halimbawa ng pagdalangin sa Kanya lamang, sumamba sa Kanya lamang, atbp.) sa Kanyang *Ruboobeeyah* (ang tungkulin ng Tagapaglikha sa Kanyang mga nilikha, katulad halimbawa ng paglikha sa kanila, pagbigay ng panustos, atbp.) at maging sa Kanyang *Asma wa Sifaat* (Magagandang Pangalan at mga Katangian).

Ang pagbibigay katambal sa Allah sa Kanyang *Ulooheeyah* (pagiging Tanging Isang Diyos) ay sa pamamagitan ng pagsamba sa iba (mga diyus-diyusan), ang pagsusumamo at panawagan sa kanila, pagpapatirapa sa kanila, pagkatay ng hayop sa kanilang pangalan, paghingi sa kanila ng anumang bagay na tanging ang Allah lamang ang makagagawa, o ang pag-aalay ng anumang pagsamba bukod sa Allah. Sa Kanyang *Ruboobeeyah* naman ay sa pamamagitan ng pagbibigay karapatan sa nilikha ng kakayahang mangalaga o mamahala ng sanlibutan. Halimbawa lamang: Sa paniwalang may isang tao na nakalilikha at nakapagbibigay buhay, o paniwalang may isang tao na may kakayahang magpababa ng ulan, na kung saan ang mga gawaing ito ay walang may kakayahang makapangyayari maliban lamang sa Allah. Sa Kanyang *Asma Wa Sifaat* (Mga Magagandang Pangalan at Katangian) naman ay sa pamamagitan ng pagbibigay pangalan sa kaninuman ng mga Pangalang natatangi lamang para sa Allah, katulad ng Allah, *Al-Rahman* (Ang Mahabagin), o *Al-Khaliq* (Ang Tagapaglikha). Ang pagbibigay katambal sa Allah sa Kanyang mga Katangian ay sa pamamagitan ng paglalagay sa nilikha ng katangiang tanging ang Allah lamang ang may taglay nito, katulad ng paniniwala na may mga taong nakaaalam ng kapalaran o kinahihinatnan.

Ang *Shirk* (pagtatambal) ay may dalawang uri. Ang *Shirk Al-Akbar* (malaking pagtatambal) at *Shirk Al-Asgar* (maliit na pagtatambal). Ang ibang pantas ay nagdagdag ng pangatlong uri, at ito ay ang *Shirk Al-Khafi'* (nakatagong pagtatambal), nguni't katunayan ito ay nabibilang na rin sa pangalawang uri, ang maliit na pagtatambal.

A – Ang Shirk Al-Akbar ay binubuo ng maraming uri, nguni't ang lahat ng ito ay napapaloob sa apat na sumusunod na pangunahing uri:

1. Shirk sa Pagmamahal (Shirk Al-Mahabbah): Ito'y nangangahulugan ng pagmamahal sa nilikha katulad ng pagmamahal sa Allah, o kaya'y higit pa. Ang Allah ay nagsabi:

﴿ وَمِنَ النَّاسِ مَن يَتَّخِذُ مِن دُونِ اللَّهِ أَندَادًا يُحِبُّونَهُمْ كَحُبِّ اللَّهِ وَالَّذِينَ ءَامَنُوا أَشَدُّ حُبًّا لِلَّهِ ﴾

“At sa sangkatauhan, mayroon sa kanila ang nagturing ng [diyos na] kanilang sinasamba bilang katambal sa Allah. Minamahal nila ang mga ito katulad ng pagmamahal nila sa Allah. Nguni't yaong mga mananampalataya ay nagmamahal sa Allah nang higit [sa anupaman].” [Surah al-Baqarah 2:165].

Ayon kay Shiekh Al-Islam Ibn Taymiyyah, “Sinumang magmahal sa nilikha ng kapantay ng pagmamahal niya sa Allah, siya ay maituturing na isang *Mushrik*². (nagtatambal). May pagkakaiba ang 'pagmamahal ng dahil sa Allah' at 'pagmamahal kapantay ang Allah' (Fatawa ni Sheikh Al- Islam; V15, P49). Marami sa mga taong nag-aangking sila ay Muslim na nahuhulog sa uri ng *Shirk* na ito sa paraang minamahal nila ang kanilang mga pinuno, *Auliya* (maramihang bilang ng *walee*, [mga matutuwid na mga Muslim]) ng katumbas ng pagmamahal nila sa Allah, at minsan ay higit pa. Kapag hihiling ka sa kanila upang magbigay ng maling panunumpa sa Allah, sila'y walang pag-alinlangang gagawin ito. Nguni't kapag ika'y hihiling sa kanila upang magbigay ng maling panunumpa sa kanilang mga *Walee*, sila'y tatangi. Ito'y *Shirk* sa pagmamahal. Ayon kay Ibn Al-Qayyim, “kabahagi ng *Shirk* sa pagmamahal ay ang pagmamahal sa nilikha ng katumbas ng pagmamahal sa Allah. Ito ay bahagi ng *Shirk* kung saan ang Allah ay hindi nagpapatawad sa sinumang namatay dito. Ang Allah ay nagsabi:

﴿ وَمِنَ النَّاسِ مَن يَتَّخِذُ مِن دُونِ اللَّهِ أَندَادًا يُحِبُّونَهُمْ كَحُبِّ اللَّهِ وَالَّذِينَ ءَامَنُوا أَشَدُّ حُبًّا لِلَّهِ ﴾

“At sa sangkatauhan, mayroon sa kanila ang nagturing ng [diyos na] kanilang sinasamba bilang katambal sa Allah. Minamahal nila ang mga ito katulad ng pagmamahal nila sa Allah. Nguni't yaong mga mananampalataya ay nagmamahal sa Allah nang higit [sa anupaman].” [Surah al-Baqarah 2:165]

Sa taong nasangkot sa *Shirk* na ito ay magsasabi sa kanilang mga diyos habang sila ay nasa Apoy ng Impiyerno ayon sa Salita ng Allah sa Banal na Qur'an:

² **Mushrik (isahan) Mushrikun (maramihan).** Sila ang mga pagano o taong sumasamba sa mga diyos-diyosan tulad halimbawa ng mga rebulto, santo at santa, propeta, mga anghel, mga larawan o mga bagay na nasa kalawakan tulad ng araw, bituin, at planeta.

﴿ تَأْتِيهِمْ مِنْ رَبِّهِمْ الْغَمَّةُ إِذْ أَنْذَرْتَهُمْ يَوْمَئِذٍ أَنْ كُنُوا حَمَقًا قَدْ نَسُوا اللَّهَ الَّذِي كَفَرُوا بِهِمْ فَاسْتَمْتَعُوا بِغُلُوبِهِمْ لَقَدْ عَلِمْتُمْ لِيَوْمِئِذٍ ﴾

“*Sumpa man sa Allah, tunay na kami ay nasa hayagang kamalian nang amin kayong (mga diyus-diyusan) sambahin ng katumbas ng pagsamba namin sa Panginoon ng Alamin (sangkatauhan, jinn, at lahat ng bagay na nakikita at di nakikita)*” [Surah ash-Shu'ara 26:97-98].

Malinaw na hindi nila ipinantay sa Allah ang mga ito (diyus-diyusan) sa paglikha, pagbawi ng buhay, pagbigay-buhay muli, kaharian at kakayahan, nguni't ipinantay nila sa Allah ang mga ito (diyus-diyusan) sa kanilang pagmamahal, pagkapanginoon, pagsunod at pagpapaalipin.” (Al-Joab Al-Kafy, P.195).

May apat na uri ang pagmamahal: **Una**, pagmamahal ng dahil sa Allah at pagmamahal sa anumang minamahal ng Allah at ng Kanyang Sugo. Ganito dapat magmahal ang isang Muslim. Ang sabi ni Ibn Al-Qayyim tungkol sa pagmamahal na ito: “May apat na uri ng pagmamahal na dapat malaman ng tao ang pagkakaiba ng mga ito. May ilang taong naligaw dahil hindi nila alam kung ano ang pagkakaiba ng mga ito. Ito ay ang mga sumusunod:

A. Ang pagmamahal sa Allah lamang. Kung saan hindi ito sapat para makaligtas mula sa parusa ng Allah at upang makamit ang Kanyang gantimpala. Sa katunayan, ang *Mushrikeen* (taong nagtatambal sa Allah), ang mga sumasampalataya sa krus, ang mga Hudyo at iba pa ay nagmamahal sa Allah.

B. Ang pagmamahal sa minamahal ng Allah. Ito ay mag-aakay sa isang tao upang yakapin ang Islam at lisanin ang kasalanang *Kufr* (kawalan ng pananampalataya). Ang pinakamamahal ng Allah ay ang taong may ganitong uri ng pagmamahal.

K. Ang pagmamahal ng dahil sa Allah at magmahal para sa Kanya. Ito ang pangangailangan ng pagmamahal sa anumang minamahal ng Allah. Hindi magiging ganap ang pagmamahal sa anumang minamahal ng Allah maliban lamang sa pagmamahal sa Kanya at para sa Kanya lamang.

D. Ang pagmamahal kapantay ng pagmamahal sa Allah, ito ay *Shirk* na pagmamahal. Sinumang magmahal sa anumang bagay na kapantay sa pagmamahal sa Allah, hindi ng dahil sa Allah, maging ito ay pagmamahal sa Kanya o pagmamahal para sa Kanya, samakatuwid siya ay nagkasala ng pagtatambal sa Kanya (Allah). Ito ay pagmamahal ng mga *Al-Mushrikeen* (taong nagtatambal ng iba sa Allah).

Ikalawa: Ang pagmamahal sa mga pinahihintulutang bagay, katulad ng pagkain, damit, o inumin. Ito ay pangkaraniwang pagmamahal. **Ikatlo:** Pagmamahal sa asawa at anak nang may kalakip na habag at awa. Ito rin ay pangkaraniwang pagmamahal. **Ikaapat:** Ang pagmamahal sa iba na kapantay o higit pa kaysa sa pagmamahal sa Allah. Ito ay malaking “*Shirk*”.

2. Shirk sa Panalangin (Shirk Ad-Du'aa): Ang Allah ay nagsabi:

﴿ فَإِذَا رَكِبُوا فِي الْفُلِّ دَعَوْا اللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ فَلَمَّا نَجَّيْنَاهُمْ إِلَى الْبَرِّ إِذَا هُمْ يُشْرِكُونَ ﴿٦٥﴾ ﴾

“At nang sila ay lumulan sa (sasakyang-pandagat), sila ay taimtim na nanalangin sa Allah, ginagawang wagas ang kanilang pananalig sa Kanya lamang. Subali't nang sila ay naidaong nang mapayapa sa dalampasigan, sila ay muling nagbigay katambal (sa pagsamba sa Allah).” [Surah al-Ankabut 29:65]

At Kanya pang sinabi:

﴿ وَإِذَا مَسَّكُمُ الضُّرُّ فِي الْبَحْرِ ضَلَّ مَنْ تَدْعُونَ إِلَّا إِلَٰهَآءٌ فَلَمَّا نَجَّيْنَاهُمْ إِلَى الْبَرِّ أَعْرَضْتُمْ وَكَانَ الْإِنْسَانُ كَفُورًا ﴾



“At nang ang sakuna ay dumating sa inyo sa karagatan, ang lahat ng inyong tinatawagan ay maglalaho maliban sa Kanya (Allah lamang). Subali't kapag kayo ay idadaong sa dalampasigan nang matiwasay, kayo ay tumatalikod nang napakalayo (mula sa Kanya). At ang tao ay laging walang pasasalamat.” [Surah al-Israa 17:67]

Ayon kay Ibn Katheer sa kanyang aklat na *Tafseer* (pagpapaliwanag sa Banal na Qur'an) hinggil sa talatang ito: “Si Ikrimah Bin Abi Jahl ay tumakas mula sa Sugo ng Allah sa panahon na nasakop na ang *Makkah*. Siya ay naglayag sa *Red Sea* patungong Ethiopia, nguni't (habang sila ay naglalayag) isang malakas na hangin ang sumalubong sa kanilang sinasakyang bangka, at sila ay hinahampas ng malalaking alon, at wari bang sila ay napalibutan sa bawa't panig. Ang mga tao na lulan ng bangka ay nagsipagsabi sa bawa't isa sa kanila, 'Walang sinumang makapagliligtas sa inyo maliban sa Allah. Kaya't manalangin kayo sa Kanya [lamang] upang kayo ay maidaong nang matiwasay.' Ang sabi ni Ikrimah sa kanyang sarili, 'Sumpa man sa Allah na kung sa karagatan ay walang makatutulong kundi ang Allah, magkagayon, walang alinlangan sa kalupaa'y wala ring makatutulong kundi Siya rin (ang Allah). O Allah ipinangako ko sa Iyo na kung mailigtas Mo ako nang matiwasay mula rito, ako'y magtutungo kay Propeta Muhammad ﷺ at aking ilalapat ang aking mga kamay sa kanyang mga kamay at tiyak na matatagpuan ko siya na tigib ng awa, kabaitan at habag.' Kaya, sila ay naidaong ng (Allah) nang matiwasay mula sa dagat at sila'y nakabalik sa dalampasigan. At si Ikrimah ay tumuloy sa Sugo ng Allah at siya'y tumanggap ng Islam at siya ay naging isang matuwid na Muslim.” Samakatuwid, ang pagdalangin sa iba bukod sa Allah ay *Shirk*.

Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: “Ang dua'a (panalangin) ay pagsamba” [iniulat nina At-Tirmidhi at Abu-Dawood].

3. Shirk sa Layunin at Hangarin (Shirk An-Niyyah Wa Al-Iraadah): Ang Allah ay nagsabi:

﴿ مَنْ كَانَ يُرِيدُ الْحَيَاةَ الدُّنْيَا وَزِينَتَهَا نُوفِّ إِلَيْهِمْ أَعْمَلَهُمْ فِيهَا وَهُمْ فِيهَا لَا يُبْخَسُونَ ﴿٦٦﴾ أُولَٰئِكَ الَّذِينَ لَيْسَ لَهُمْ فِي الْآخِرَةِ إِلَّا النَّارُ وَحِطَّ مَا صَنَعُوا فِيهَا وَبَطُلَ مَا كَانُوا يَعْمَلُونَ ﴿٦٧﴾ ﴾

“Sinuman ang maghangad ng buhay sa mundo at ang mga palamuti nito, Amin silang babayaran nang ganap (bilang kabayaran sa) kanilang ginawa (dito sa mundo), at sa kanila ay walang kabawasan dito. Sila yaong wala ng (makukuha) sa Kabilang Buhay maliban sa Apoy (sa Impiyerno), at walang kapakinabangan ang lahat ng kanilang ginawa (dito sa mundo). At walang saysay ang kanilang pinaggagawa.” [Surah Hud 11:15-16].

Ang sabi ni Ibn Qayyim tungkol sa *Shirk* sa Layunin at Hangarin: Ito ay kahalintulad ng dagat na walang dalampasigan at kakaunti lamang ang nakaliligtas dito. Sinumang maglayon na ang kanyang gawa ay para sa iba at hindi sa Allah at maglayon na sumamba at manalangin pa sa iba bukod sa Kanya ay mahuhulog sa *Shirk* sa layunin at hangarin.” (Al-Joab Al-Kafy p.200). Ang *Shirk* sa layunin ay magiging malaking *Shirk* kapag ang lahat ng mga ginagawang kabutihan ay iniaalay sa iba bukod sa Allah. Nguni't ang pagkakaroon ng paminsan-minsang *Riyaa* (pagpapakitang tao) sa mga gawain ay maituturing na maliit na *Shirk*.

4. Shirk sa Pagsunod (*Shirk At-Ta'ah*): Ito ay ang pagsunod sa nilikha at pagsuway sa Allah. Sa madaling salita, kung may isang tao na magsasabi sa iyo na ikaw ay magpapatirapa sa iba bukod sa Allah at sinunod mo siya, iyan ay pagsunod sa nilikha at pagsuway sa Allah, gayong ipinagbawal ng Allah ang pagpapatirapa sa iba bukod sa Kanya. O kaya'y masasabi natin na kapag ang isang tao ay ipinahihintulot niyang gawin ang mga bagay na ipinagbabawal ng Allah. O kaya'y ipagbabawal niya ang mga bagay na pinahihintulutan ng Allah, samakatuwid iyan ay maituturing na *Shirk* (pagtatambal) sa pagsunod. Ang Allah ay nagsabi:

﴿ اتَّخَذُوا أَحْبَابَهُمْ وَرُهْبَانَهُمْ أَرْبَابًا مِّن دُونِ اللَّهِ وَالْمَسِيحَ ابْنَ مَرْيَمَ وَمَا أُمِرُوا إِلَّا لِيَعْبُدُوا إِلَهًا وَاحِدًا ۗ لَّا إِلَهَ إِلَّا هُوَ ۚ سُبْحٰنَهُ عَمَّا يُشْرِكُونَ ﴿١٦٥﴾

“Sila [mga Hudyo at mga Kristiyano] ay nagtuturing sa kanilang rabbis (pari, pastor, ministro atbp.) at sa kanilang mga Mongha bilang kanilang mga diyos kapalit ng Allah [sa pagsunod sa kanila sa mga bagay na kanilang pinahihintulutan at ipinagbabawal alinsunod sa kanilang sariling kagustuhan ng walang kapahintulutan o pag-uutos ng Allah]. At [kanila ring itinuring] si Hesus ang Anak ni Maria [bilang kanilang Panginoon], samantala sila [mga Hudyo at mga Kristiyano] ay pinag-utusan [sa kanilang aklat] na wala silang sasambahin maliban lamang sa Isang Ilah [Diyos-Allah]. La ilaha illa Huwa [walang diyos na dapat sambahin maliban lamang sa Kanya]. Ang Kadakilaan at ang Kaluwalhatian ay para sa Kanya [Siya ay malayo] sa anumang kanilang itinatambal [sa Kanya]” [Surah at-Tawbah 9:31].

Isinalaysay ni Adi Bin Hatim: “Aking narinig ang Propeta na binabasa ang talata na ito [9:31]. Kaya, ang sabi ko sa kanya, ‘Katotohanan, sila ay hindi namin sinasamba’. Ang Sugo ng Allah ay sumagot: Hindi ba’t kanilang ipinagbawal ang mga (bagay) na pinahintulutan ng Allah kaya inyo rin itong ipinagbawal? At [hindi ba’t kanilang] ipinahintulot ang mga (bagay) na ipinagbawal ng Allah? Ang sagot ko: Opo. Ang sabi ng Sugo ng Allah: “Iyan ay pagsamba sa kanila”. [Iniulat ni Ahmad at isinaalang-alang naman ni At-Thirmidhi bilang mapanaligan].

B – Ang Shirk Al-Asghar (maliit na Shirk) ay binubuo ng tatlong uri:

1. Ang Panunumpa ng liban sa Allah: Ang panunumpa ng liban sa Allah ay isang *Shirk*.

Isinalaysay ni Abdullah bin Umar bin Al-Khattab na ang Sugo ng Allah ay nagsabi: “*Sinuman ang nanumpa ng liban sa Allah ay tunay na siya ay di-nanampalataya at nagkasala ng Shirk.*” [Iniulat ni At-Thirmidhi at isinaalang-alang ni Hakim bilang mapanaligan].

Ang panunumpa ng liban sa Allah katulad ng panunumpa sa Propeta, Anghel, atbp. ay itinuturing na Maliit na *Shirk*. Subali't kung ang pagsumpa ay puspulang makatotohanan, magkagayon ito ay itinuturing na Malaking *Shirk*.

Si Ibn Mas-ud ay nagsabi: “*Ang manumpa sa Allah nang may pagsisinungaling ay mas kaibig-ibig sa akin kaysa manumpa ng maliban sa Kanya (Allah) nang makatotohanan.*”

2. Ang pagsasabi ng “Sa kapahintulutan ng Allah at sa kapahintulutan mo”.

Isinalaysay ni Abdullah Bin Abbas: “*Nang ang isang lalaki ay dumating sa Propeta at nagsabi: ‘Sa kapahintulutan ng Allah at (saka) sa kapahintulutan mo.’ Kaya ang Propeta ay sumagot: ‘Ginagawa mo ba akong katambal ng Allah? Na dapat ay sa kapahintulutan ng Allah lamang.’*” [Iniulat ni An-Nasa’ee]. Ito katulad din ng panunumpa ng maliban sa Allah. Kapag ang isang tao ay magsasabi ng: “*Sa kapahintulutan ng Allah at kapahintulutan ng iba*” nang may pagpupuri sa tinutukoy na (iba), magkagayon, ito ay itinuturing na malaking *Shirk*; at kung wala namang pagpupuri, ito ay maliit na *Shirk* lamang.

3. Riyyaa (Pagpapakitang Tao): Ang *Riyyaa* ay paggawa ng pagsamba upang masiyahan ang nilikha sa halip ang Tagapaglikha (Allah). Ang *Riyyaa* ay maaaring malaki o maliit na *Shirk*. Kapag ang isang tao ay nagsasagawa ng kabutihan o pagsamba upang mapaligaya ang iba bukod sa Allah, samakatuwid, ito ay maituturing na malaking *Shirk*. Nguni't kung ito ay paminsan-minsang nagagawa ng tao sa kanyang pagsamba o sa kanyang gawaing mabubuti, ito ay itinuturing na maliit na *Shirk*. Ang sabi ng Allah:

﴿ قُلْ إِنَّمَا أَنَا بَشَرٌ مِّثْلُكُمْ يُوحَىٰ إِلَيَّ أَنَّمَا إِلَهُكُمُ إِلَهُهُ وَاحِدٌ ۗ فَمَن كَانَ يَرْجُوا لِقَاءَ رَبِّهِ فَلْيَعْمَلْ عَمَلًا صَالِحًا وَلَا يُشْرِكْ بِعِبَادَةِ رَبِّهِ ۗ أَحَدًا ﴿١١٠﴾

“*Sabihin [O Muhammad]: Ako ay isang tao lamang na katulad ninyo. Sa akin ay ipinahayag na ang inyong Ilah (Diyos) ay iisang Ilah. Kaya sinuman ang naghahangad na makapiling ang kanyang Rabb [Panginoon], hayaan siyang gumawa ng mabuti at huwag magbigay katambal sa pagsamba sa kanyang Rabb [Panginoon]*” [Surah al-Kahf 18:110].

Si Imam Ahmad ay nag-ulat ng *Marfu Hadith*: mula kay Abu Sa'id Al-Khudri, na ang Propeta ﷺ ay nagsabi: “*Hindi ko ba sasabihin sa inyo kung ano ang pinangangambahan ko sa inyo nang higit pa sa bulaang Messiah?*” Ang mga kasamahan niya ay nagsabi: “*Mangyari O Sugo ng Allah. Siya ay nagsabi: ‘Ang nakatagong Shirk, kapag ang isang tao ay pinagbubuti ang kanyang Salaah (limang beses na pagdarasal sa isang araw) kung saan alam niya na may ibang tao na nakamasid sa kanya.’*”

Ang Pagkakaiba ng Shirk Al-Akbar (Malaking Shirk) at ang Shirk Al-Asghar (Maliit na Shirk)

1. Ang malaking *Shirk* ay nagpapahiwatig nang ganap na pagtakwil sa *Islam*, samantalang ang maliit na *Shirk* ay hindi.
2. Ang malaking *Shirk* ay hinatulan ang gumawa nito ng habang buhay na paninirahan sa Apoy sa Impiyerno, samantalang ang maliit na *Shirk* ay hindi.
3. Ang malaking *Shirk* ay pinawawalang-bisa o saysay nito ang lahat ng mabubuting gawa, samantalang ang maliit na *Shirk* ay hindi.
4. Ang malaking *Shirk* ay nagbibigay katuwiran sa sinuman na ang pagpapadanak ng dugo at pagkamkam ng ari-arian ay pinahihintulot sa mga Muslim, samantalang ang maliit na *Shirk* ay hindi.

Ang Pangalawa: “Ang magtalaga ng tagapamagitan sa pagitan niya at sa Allah, upang manalangin sa kanila, humiling ng pamamagitan sa kanila, at magtiwala sa kanila. Ito ay itinuturing na pagtalikod sa pananampalatayang *Islam* ayon sa pinagkaisang kasunduan ng mga pantas (Iskolar) na Muslim.”

Ang nakapagpapawalang-bisang ito ng *Islam* ay kabahagi din ng unang *Shirk*, nguni't para sa kahalagahan ng gawaing ito at dahil na rin sa maraming tao ang nahuhulog dito, kaya naman pinili at pinagtuunan ito ng may akda. Marami sa mga taong nag-aangking Muslim ang nagsasagawa ng maling gawaing ito. Sila ay naniniwala na kinakailangang magkaroon ng tagapamagitan sa pagitan nila at sa Allah upang masagot ang kanilang mga pagsusumamo, matugunan ang kanilang minimithi at upang mapawi ang kanilang paghihirap. Kanilang pinaniniwalaan na kinakailangang magkaroon ng tagapamagitan sa Allah, na para bagang humihiling ng anumang bagay sa hari o sa presidente. Sila yaong mga taong di-nananampalataya sapagka't ang Allah ay nagpadala ng mga Aklat at mga Sugo na nag-uutos sa mga tao na sumamba lamang sa Kanya at tuwirang idulog ang kanilang mga kahilingan at panawagan sa Kanya lamang. Hindi kinakailangan ng Allah ang anumang tagapamagitan upang tawagin Siya. Ang Allah ay nagsabi:

﴿ قُلِ ادْعُوا الَّذِينَ زَعَمْتُمْ مِّنْ دُونِ اللَّهِ لَا يَمْلِكُونَ مِثْقَالَ ذَرَّةٍ فِي السَّمَوَاتِ وَلَا فِي الْأَرْضِ وَمَا هُمْ فِيهِمَا مِنْ شَرِكٍ وَمَا لَهُ مِنْهُمْ مِّنْ ظَهِيرٍ ﴿٢٢﴾ وَلَا تَنْفَعُ الشَّفَعَةُ عِنْدَهُ إِلَّا لِمَنْ أِذِنَ لَهُ ﴾

"Sabihin: (O Muhammad sa mga pagano at sumasamba sa mga diyus-diyusan) "Manawagan sa mga pinaniniwalaan ninyong mga diyus-diyusan bukod sa Allah, sila ay walang angking anupaman kahit kasing-timbang ng isang butil (ng kakayahan), maging sa mga kalangitan man o sa kalupaan, at sila'y walang anumang taglay sa alinman (maging pansarili o kahit bilang katambal), at walang anumang tangkilik para sa Kanya ang mula sa kanila. Ang pamamagitan sa Kanya ay walang ibubungang kapakinabangan maliban sa sinumang Kanyang pinahintulutan." [Surah Saba 34:22-23]

At Kanya pang sinabi:

﴿ وَلَا تَدْعُ مِنْ دُونِ اللَّهِ مَا لَا يَنْفَعُكَ وَلَا يَضُرُّكَ ۚ فَإِنْ فَعَلْتَ فَإِنَّكَ إِذَا مِنَ الظَّالِمِينَ ﴿١٦﴾ وَإِنْ يَمَسُّكَ اللَّهُ بِضُرٍّ فَلَا كَاشِفَ لَهُ إِلَّا هُوَ ۚ وَإِنْ يُرِدْكَ بِخَيْرٍ فَلَا رَادَّ لِفَضْلِهِ ۗ يُصِيبُ بِهِ مَن يَشَاءُ مِّنْ عِبَادِهِ ۗ وَهُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ ﴿١٧﴾ ﴾

“At huwag kang manawagan bukod pa sa Allah, sila na hindi man lamang makapagbibigay pakinabang o pinsala sa iyo, nguni't (sakali man) ito'y iyong nagawa, magkagayon tunay na ikaw ay isa sa mga Dhalimeen [nagtatambal, mapaggawa ng kasamaan]. At kung ikaw ay dapuan ng Allah ng pinsala, walang sinumang makaaalis nito maliban sa Kanya, at kung naisin Niya ang anumang mabuti para sa iyo, walang sinumang makapipigil ng Kanyang tulong (o biyaya). Pinapangyari Niya itong makarating sa sinumang Kanyang naisin sa Kanyang mga alipin. At Siya ay Lagi nang Mapagpatawad, Ang Mahabagin.” [Surah Yustus 10:106-107].

Marami pang talata sa Qur'an na nagpapatunay na ang baw't isa ay kinakailangang humiling sa Allah nang tuwiran at sambahin Siya nang buong katapatan na walang pagbibigay katambal sa Kanya.

Ang Pamamagitan ay may dalawang uri:

1. Ang pamamagitan na nauukol sa pagbibigay kaalaman³ tungkol sa Allah: Ito ay tungkulin ng mga Propeta sapagka't walang iba pang may kaalaman sa anumang nagmumula sa Allah maliban sa mga Propeta na ipinadala ng Allah. Ang Allah ay nagsabi:

﴿ اللَّهُ يَصْطَفِي مِنَ المَلآئِكَةِ رُسُلًا وَمِنَ النَّاسِ ۚ إِنَّ اللَّهَ سَمِيعٌ بَصِيرٌ ﴿٧٥﴾ ﴾

“Pumili ang Allah ng mga Sugo mula sa mga Anghel at mga tao. Katotohanan, Ang Allah ay Lubos na Nakaririnig, Lubos na Nakakikita”. [Surah al-Hajj 22:75].

2. Ang pamamagitan na nauukol sa paghingi ng tulong, pagtitiwala at pagpawi ng mga paghihirap. Ang uri ng pamamagitan ito ay binubuo ng limang bahagi:

³ Ito ay karagdagang paliwanag tungkol sa paksang nauukol sa pamamagitan (intercession) mula sa nagsalin ng aklat na ito sa wikang Pilipino. Ang tamang kaalaman tungkol sa Allah ay nagmumula lamang sa mga Propeta at Sugo. Ang Dakilang Allah ay humirang at pumili ng mga mabubuting tao mula sa kani-kanilang lahi o angkan na tinatawag na Propeta o Sugo. Ang isang Propeta o Sugo mula sa Allah ang siyang tumatayong Tagapamagitan ng Allah at ng sangkatauhan. Sila ang tagapagsalita o tagapagpaliwanag kung ano ang nais ipahayag ng Makapangyarihang Allah para sa kabutihan ng tao. Halimbawa, ipinag-uutos ng Allah ang pagdarasal. Ang pamamaraan ng pagsasakatuparan ng pagdarasal ay inilalarawan at ipinakikita naman ng Propeta . Ang isa pang halimbawa ay tungkol sa mga bagay na hindi nakikita ng tao tulad ng Paraiso, Impiyerno, Kabilang Buhay, at Tadhana. Hindi kailanman mauunawaan ng tao ang tungkol sa mga bagay na di-nakikita malibang ito ay ipaliwanag ng isang may Kaalaman tungkol dito. Ang lahat ng kaalaman tungkol sa Allah ay ipinaliliwanag ng Kanyang Tagapamagitan-ito ang mga Propeta o Sugo Niya. Kaya, ito ang pamamagitan na ang tanging may katungkulan ay ang mga Propeta at Sugo ng Allah.

a. Wajib (Sapilitan): Ang paghingi ng tulong mula sa Allah sa panahon ng kahirapan at pagtitiwala sa Kanya sa lahat ng aspeto ng buhay. Ang Allah ay nagsabi:

﴿ وَعَلَى اللَّهِ فَتَوَكَّلُوا إِن كُنْتُمْ مُؤْمِنِينَ ﴾

"At sa Allah kayo ay magtiwala kung kayo ay tunay na mananampalataya" [5:23].

Isinalaysay ni Abdullah Bin Abbas: *"Isang araw nang ako ay naka-angkas sa likuran ng Propeta, siya ay nagsabi: "Bata, alalahanin mo ang Allah at ikaw ay Kanyang pangangalagaan. Maging maalalahanin sa Allah at Siya ay iyong matatagpuang nasa iyong unahan. Kapag ikaw ay humingi [ng anupaman] sa Allah mo ito hingin, at kapag ikaw ay nangangailangan ng tulong, humingi ka ng tulong sa Allah" [Iniulat ni At-Tirmidhi].*

Isinalaysay ni Umar Ibn Al Khattab: *"Aking narinig sa Sugo ng Allah na nagsabi: "Kapag kayo ay nagtiwala (o umasa) sa Allah nang buong tiwala (o pag-asa), tiyak na Kanyang ipagkakaloob sa inyo ang biyaya na katulad ng pagkakaloob Niya sa ibon na sa umaga ito ay walang laman [at gutom] ang sikmura at sa pagsapit ng gabi ay umuuwi ng puno [at busog] ang tiyan". [Iniulat ni At-Tirmidhi].*

b. Mustahab (Itinatagubilin nguni't hindi naman isinasaalang-alang na tungkulin, kalugud-lugod): Ang paghingi o pagsusumamo sa Allah nang palagian sapagka't ito ay nagdadagdag ng pagiging matapat at pagiging masunurin sa Kanya.

k. Halaal (Pinahihintulutan, legal, alinsunod sa batas): Ang paghingi ng tulong sa mga nilikha ng Allah o paghiling ng kanilang pamamagitan sa Allah. Ito ay pinahihintulutan sa dalawang kondisyon: **a.** Kinakailangan ang taong hinihingan mo ng pamamagitan ay nasa harapan mo [o di kaya'y nandiyan siya], **b.** At ang kanyang kakayahan sa pagtugon sa anumang iyong hinihingi. (halimbawa: hindi ang paghingi sa kanila upang maghatid ng ulan o bumuhay ng patay, atbp.)

d. Makrooh (Hindi kanais-nais, nguni't hindi naman ipinagbabawal): Ang paghingi ng tulong sa mga tao nang palagian. Si Sheikh Al-Islam Ibn Taymiyyah ay nagsabi: "Ang paghingi ng tulong mula sa mga nilikha ay ipinagbawal sa simula, nguni't ito'y ginawang legal o pinahihintulutan para sa kagipitan. Ang pag-iwas sa paghingi ng tulong sa iba samantalang nagtitiwala sa Allah ay higit na mabuti. Ang Allah ay nagsabi:

﴿ فَإِذَا فَرَغْتَ فَانصَبْ ۖ وَإِلَىٰ رَبِّكَ فَارْغَب ۖ ﴾

"Kaya kapag ikaw ay nakatapos [ng iyong gawain], ilaan ang iyong sarili sa pagsamba sa Allah. At sa iyong Rabb [Panginoon lamang] ibaling [ang lahat ng iyong] layunin at mga pag-asa" [Surah al-Sharh 94:7-8].

Iyan ay ang pagsasabi, *"Ibaling (mo ang iyong paghingi) sa Allah at huwag sa iba" [Fatawa Vol 1, P181].*

e. Muharram (Ipinagbabawal): Ang pagtatalaga ng tagapamagitan sa Allah at sa sarili sa pamamagitan ng pagdalangin o pagsumamo sa kanila o paghingi sa kanila ng tulong para sa isang bagay na tanging ang Allah lamang ang may kakayahang gumawa o magbigay. Ito ang uri ng pamamagitan na ipinagbigay babala ng may akda sa mga Muslim na huwag gawin. Ang Allah ay nagsabi sa Banal na Qur'an:

﴿ وَمَنْ أَضَلُّ مِمَّن يَدْعُوا مِنْ دُونِ اللَّهِ مَنْ لَا يَسْتَجِيبُ لَهُمْ إِلَى يَوْمِ الْقِيَامَةِ وَهُمْ عَنْ دُعَائِهِمْ غَفْلُونَ ﴿٥٦﴾
وَإِذَا حُشِرَ النَّاسُ كَانُوا لَهُمْ أَعْدَاءً وَكَانُوا بِعِبَادَتِهِمْ كَافِرِينَ ﴿٥٧﴾ ﴾

"At sino nga ba ang higit na naliligaw kundi yaong mga (taong) dumadalangin sa iba pa bukod sa (tunay na Diyos) Allah, na (itong mga dinadalanginang huwad na diyos ay) hindi nakaririnig (sa kanilang mga dalangin) hanggang sa Araw ng Pagkabuhay-Muli at sila (mga dinadalanginang mga diyus-diyusan) ay walang kamalayan na sila ay inaalayan ng pagsamba? At kung ang sangkatauhan ay magkatipun-tipon, silang (mga diyus-diyusang kanilang sinasamba) ay kanilang magiging kaaway at itatakwil (o ipagkakaila) ng mga ito ang kanilang pagsamba." [Surah al-Ahqaf 46:5-6].

Uri ng Pamamagitan. May dalawang (2) uri ng pamamagitan sa Kabilang Buhay:

1. **Ang Natatanging Pamamagitan Para kay Propeta Muhammad ﷺ lamang.** May tatlong natatanging pamamagitan para kay Propeta Muhammad ﷺ lamang:
 - a. **Dakilang Pamamagitan:** Sa Araw ng Pagkabuhay-Muli, ang mga tao ay maghihintay ng paghatol sa kanilang mga gawa, kaya sila ay magpupuntahan sa ilan sa mga Propeta upang hingin ang kanilang pamamagitan hanggang sa sila ay darating kay Propeta Muhammad ﷺ na siyang mamamahala ng Dakilang Pamamagitan.

Isinalaysay ni Anas Ibn Malik: Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: *Titipunin ng Allah ang lahat ng tao sa Araw ng Paghuhukom at sila ay magbibigay pansin tungkol dito. At si Ibn Ubaid (isa sa mga nagsalaysay ng Hadith) ay nagsabi: "Sila ay makatatanggap ng Banal na Inspirasyon tungkol dito at sila'y magsasabi: 'Kung tayo ay hihingi ng pamamagitan sa ating Panginoon, tiyak na tayo ay magiginhawahan mula sa ating masamang kalagayan'. Siya (ang Propeta ﷺ) ay nagsabi: 'Sila ay pupunta kay Adam (Adan) at magsasabi, "O Adam, ang Ama ng Sangkatauhan. Nilikha ka ng Allah sa Kanyang sariling kamay at ikaw ay hiningahan Niya ng Kanyang Espiritu at inutusan ang mga Anghel na magpatirapa sa iyo at sila ay nagpatirapa sa iyo. Kaya't mamagitan ka sa amin sa ating Panginoon, upang bigyan Niya kami ng kaginhawahan mula sa masaklap naming kinalalagyan". Siya ay magsasabi: "Wala akong karapatang gawin ito" at maalaala niya ang kanyang pagkakamali at mangingibabaw ang kanyang hiya sa kanyang Panginoon sanhi ng nagawa niyang iyon. Siya ay magsasabi, "Mas mabuting magtungo kayo kay Noah, ang unang Sugo [pagkatapos ko] na ipinadala ng Allah. At sila'y pupunta kay Noah" At siya (Noah) ay magsasabi, Wala akong karapatang gawin ito. "Mas mabuting magtungo kayo kay Ibraheem, na siyang pinili ng Allah bilang napakalapit sa Kanya. Sila'y pupunta kay Ibraheem at siya ay magsasabi, Wala akong karapatang gawin ito para sa inyo" at maalaala niya ang kamaliang kanyang nagawa at*

samakatuwid iiral sa kanya ang hiya sa kanyang Panginoon [at siya ay magsasabi], "Mas mabuting magtungo kayo kay Musa na tuwirang nakipag-usap ang Allah sa kanya at siya ay pinagkalooban ng Tawrah. Siya (ang Propeta ﷺ) ay nagsabi: "Kaya't sila ay pupunta kay Musa. Siya ay magsasabi: Wala akong karapatang gawin ito para sa inyo" at maalaala niya ang kamaliang kanyang nagawa at iiral sa kanya ang hiya sa kanyang Panginoon [at siya ay magsasabi], "Mas mabuting magtungo kayo kay Eissa (Hesus), ang Espiritu ng Allah. At si Hesus ay magsasabi: Wala akong karapatang gawin ito para sa inyo; "Mas mabuting magtungo kayo kay Muhammad, ang alipin na ang nakaraan at hinaharap na mga kasalanan ay pinatawad na. Siya [ang nagsalaysay ng Hadith] ay nagsabi: Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: Kaya't sila'y pupunta sa akin at ako ay hihingi ng kapahintulutan sa aking Panginoon at ito ay ibibigay sa akin, at kung Siya ay aking makita, ako'y magpapatirapa, at hahayaan Niya [Allah] ako sa kalagayang ganoon hanggang sa Kanyang nais, at pagkaraan ay magsasabi: "O Muhammad, iangat mo ang iyong ulo, magsalita ka at ikaw ay pakikinggan, humiling ka at ito'y pagkalooban, ikaw ay mamagitan at ang iyong pamamagitan ay tatanggapin". Samakatuwid aking iaangat ang aking ulo at pupurihin ko ang aking Panginoon ng papuring ituturo sa akin ng aking Panginoon. At ako'y mamamagitan, nguni't ang hangganan ng pamamagitan ay itatakda sa akin. Sila ay aking iaahon mula sa Impiyerno at papapasukin sila sa Paraiso [ayon sa itinakdang hangganan]. Ako'y babalik, magpatirapa at ako ay iiwan ng Allah sa gayong kalagayan hanggang sa Kanyang nais. At ito ay sasabihin sa akin, "Tumindig ka, O Muhammad, magsalita ka at ikaw ay pakikinggan, humiling ka at ito'y ipagkaloob, ikaw ay mamagitan at ang iyong pamamagitan ay tatanggapin". Aking iaangat ang aking ulo at pupurihin ko ang aking Panginoon ng papuring ituturo sa akin ng aking Panginoon. Ako'y mamamagitan, nguni't ang hangganan ng pamamagitan ay itatakda sa akin. Sila ay aking iaahon mula sa Impiyerno at papapasukin sila sa Paraiso. Siya [ang nagsalaysay ng Hadith] ay nagsabi: "Hindi ko na matandaan kung ang (Banal na Propeta ﷺ) ay nagsabi sa ikatlong pagkakataon o sa pang-apat, "O aking Panginoon, wala nang natira pa sa Impiyerno maliban yaong mga nabanggit sa Qur'an [...sila yaong maninirahan doon ng habambuhay]". Ayon sa salaysay ni Ibn Ubaid. [Iniulat ni Muslim].

b.Pamamagitan para sa mga tao ng Paraiso upang pumasok sa Paraiso:

Si Anas Bin Malik ay nag-ulat: Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: "Ako'y pupunta sa pintuan ng Paraiso sa Araw ng Paghuhukom at hihilingin ko na ito'y mabuksan at ang tagabantay nito ay magsasabi: Sino po sila? Ako ay sasagot, si Muhammad. At siya [tagabantay] ay magsasabi: Ipinag-utos sa akin na sa iyo lamang ito bubuksan at ito'y hindi bubuksan sa kanino man bago sa iyo." [Iniulat ni Muslim].

k. Pamamagitan ng Sugo ng Allah para sa kanyang tiyuhing si Abu Talib:

Naiulat sa kapahintulutan ni Abbas Bin Abd al-Muttalib na nagsabi: "O, Sugo ng Allah, natulungan mo ba si Abu Talib kahit papaano, sapagka't ikaw ay kanyang ipinagtanggol at masigasig ang kanyang pagtatanggol (sa iyo)?"

Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: "*Oo, Siya ay nasa pinakamababaw na bahagi ng Impiyerno nguni't kung hindi dahil sa aking (pamamagitan), siya'y dapat na nasa pinakailalim ng Impiyerno.*" [Iniulat ni Muslim].

2. Pangkalahatang Pamamagitan para sa mga Mananampalataya: Ang uri ng pamamagitan ito ay para sa lahat ng mananampalataya, kabilang ang Sugo ng Allah. Sa uri ng pamamagitan ito ay may mga kondisyon: Una ay ang kapahintulatang mula sa Allah na nabanggit sa Qur'an:

﴿ مَنْ ذَا الَّذِي يَشْفَعُ عِنْدَهُ إِلَّا بِإِذْنِهِ ۗ ﴾

"*Sino siya upang mamagitan sa Kanya (Allah) maliban sa Kanyang kapahintulatan*" [Surah al-Baqarah 2:255].

Pangalawa ay ang kaluguran ng Allah sa sinumang ang pamamagitan ay ginawa o ipinagkaloob, katulad ng nakasaad sa Banal na Qur'an:

﴿ وَلَا يَشْفَعُونَ إِلَّا لِمَنْ ارْتَضَىٰ ﴾

"*At sila'y di-makapamamagitan sa Kanya maliban sa sinumang Kanyang kinalulugdan*" [Surah al-Anbiya 21:28].

At batay sa naiulat ni Imam Muslim, ang Sugo ng Allah ay nagsabi: *Na siyang gumagawa ng pamamagitan ay hindi kabilang sa mga mapagsumpa (mga taong palagiang isinusumpa ang iba): "Ang nagsusumpa ay kailanman ay hindi maaaring maging testigo o maging tagapamagitan sa Araw ng Paghuhukom".*

Ang pamamagitan ito may tatlong uri:

- **Ang Pamamagitan** para sa mga mananampalatayang papapasukin sa Paraiso, na itataas ang kanilang kalagayan (o antas) sa Paraiso.
- **Ang Pamamagitan** sa mga taong mapapasok sa Impiyerno nguni't sila ay ililigtas mula rito.
- **Ang Pamamagitan** sa mga taong nasa Impiyerno, upang sila ay alisin mula rito.

Ang Ikatlo: "Sinumang di-sumasang-ayon na ang mga atiyesta (atheists) ay di-mananampalataya o kaya'y sila'y may pag-alinlangan sa kanilang *Kufr* (kawalan ng pananampalataya) o sila ay naniniwala na ang kanilang pamamaraan ng buhay (o relihiyon) ay tama": Ang pagkawalang bisa ng Islam tungkol dito ay binubuo ng tatlong bahagi: **Una**, sinuman ang di-sumasang-ayon na ang mga (atheists) atiyesta ay di-mananampalataya sa kabila ng katotohanang ang Allah ay nagpahayag sa Qur'an ng maraming talata na nagpapatunay na sila (na atheists) ay *Kuffar*⁴ (di-naniniwala). Ang Allah ay nagsabi sa Banal na Qur'an:

⁴ **Kaafir o Kaafirun-** Sa pananaw ng Islam, ang "**Kaafir**" (isahan) ay may isang kahulugan, yaong taong tumatangi at nagtatakwil sa katotohanan. Kaya, ang **Kaafirun** o **Kuffar** (maramihan) ay mga taong walang paniniwala, pananampalataya, at pananalig sa Allah at sa mga Batas na ipinahayag Niya. Sila ay mga taong nagtakwil sa Kaisahan ng Allah (hindi kumikilala sa Allah bilang Tanging Isang Diyos na karapat dapat pag-ukulan ang Pagsamba, at hindi tinanggap ang Kapahayagan ng Qur'an at pinabulaanan ang pagiging tunay na Propeta ni Propeta Muhammad.

﴿ إِنَّ الَّذِينَ كَفَرُوا مِنْ أَهْلِ الْكِتَابِ وَالْمُشْرِكِينَ فِي نَارِ جَهَنَّمَ خَالِدِينَ فِيهَا أُولَئِكَ هُمْ شَرُّ الْبَرِيَّةِ ﴾

"Katotohanan, silang di-naniniwala [sa pananampalatayang Islam, sa Qur'an at sa Propeta Muhammad] mula sa Angkan ng Kasulatan [Hudyong at Kristiyano] at ang Mushrikeen [sumasamba sa mga diyus-diyusan], ay mananahan sa Apoy sa Impiyerno ng Habambuhay. Sila yaong pinakamasamang nilikha" [Surah al-Baiyinah 98:6].

Pangalawa, Sinuman ang mag-alinlangan sa katayuan ng mga *Kuffar* [di-naniniwala] (i.e. hindi siya nakatitiyak na sila ay naniniwala o hindi). **Pangatlo'** sinuman ang nagbigay papuri sa pamamaraan [relihiyon] ng *Kuffar* at naniniwala na ang kanilang relihiyon (o pamamaraan ng buhay) ay tama at sila'y nasa tamang daan; ang bahagi o uring ito ay higit na masama pa kaysa sa dalawang naunang nabanggit.

Mayroong dalawang paksa ang nararapat banggitin dito:

- Kapag sinabi nating *Kuffar*, ang tinutukoy natin ay yaong mga taong walang alinlangan ang kanilang kawalan ng paniniwala o pananampalataya (i.e. Hudyong, Kristiyano, Hindu, atbp.), at yaong nag-aangking sila ay mga Muslim, nguni't itinuturing ng mga pantas (iskolar) ng Islam bilang hindi muslim o di-mananampalataya (i.e. *Qadianies*, *An-Nosairiah*, *Al-Baha'iah*, *Ad-Drowze*, *Al-Batiniah* atbp.) Si Sheikh Al-Islam Ibn Taymiyyah ay nagsabi: "Sinuman ang nag-aalinlangan sa di-paniniwala ng mga pangkat na nabanggit pagkatapos magkaroon ng kaalaman sa kanilang mga sinasabi at pagkakaroon ng kaalaman sa pananampalatayang Islam, magkagayon siya ay isang *Kuffar*; katulad din ng pagkakaroon ng pag-aalinlangan sa paniniwala ng mga Hudyong, Kristiyano, at Atiyesta (Al-Fatawa Vol 2, P 368). Nguni't sa kanilang *Kufr* ay pinagtatalunan ng mga pantas (iskolar) na Muslim, katulad ng paglisan o pag-iwan ng *As-Salat* (limang beses na pagdarasal na hindi naman itinatakwil ang pagka-obligado nito); ang mga ito ay hindi saklaw ng mga nakapagpapawalang-bisa ng Islam.
- Tungkol sa pagbibigay papuri sa *Kuffar*, kailangang isaalang-alang ng mga Muslim ang pag-iingat nito. Kung pinupuri mo sila sa kanilang pananampalataya, ito ay maituturing na *Kufr*. Subali't kung pinupuri mo sila sa kanilang ugali o asal (katulad ng kanilang kagitingan o sa kanilang kabaitan) ito ay pinahihintulutan. Nguni't isang bagay ang kinakailangang iwasan ng isang Muslim kung saan itinuturing na kasalanan, ito ay ang pagtawag sa *Kaaffir* ng katagang "Mister" dahil ang Sugo ng Allah ay nagsabi: "**Kapag tinawag ninyo ang hipokrito (mapagkunwari) ng 'Mister', ginagawa ninyong magalit ang inyong Panginoon**" [Iniulat ni An-Nasa'i].

Ang Ika-apat: "Sinumang naniniwala na ang patnubay ng iba ay higit na ganap (o higit na mahusay) kaysa sa patnubay (*Sunnah*) na dinala ni Propeta Muhammad ﷺ, at siya ay naniniwala na ang batas ng iba ay nakahihigit kaysa sa batas na dala ni Propeta Muhammad ﷺ; katulad ng iba na higit na ninanais ang batas ng *At-Tawa'gheet* [mga taong sumasamba sa mga diyus-diyusan] kaysa sa batas ng Sugo ng Allah.

Mayroong dalawang paksa sa nakapagpapawalang-bisa ng Islam na ito. **Una:** Walang alinlangan na ang patnubay ni Propeta Muhammad ﷺ ay higit na ganap kaysa sa kanino mang batas sa dahilang ito ay kapahayagan (mula sa Allah). Ang Allah ay nagsabi:

﴿ وَمَا يَنْطِقُ عَنِ الْهَوَىٰ ۗ إِنْ هُوَ إِلَّا وَحْيٌ يُوحَىٰ ﴾

"At hindi siya nagsasalita nang ayon (sa sarili niyang) pagnanasa. Bagkus ito ay isang kapahayagang ipinahayag sa kanya" [Surah an-Najm 53:3-4].

Papaano magkakaroon ng paniniwala ang isang tao ng ganito kung saan ang Propeta ﷺ mismo sa kanyang sarili ay nagsabi sa Jummuah Khutba (pangaral): *"Ang pinakamainam na salita ay napapaloob sa Aklat ng Allah [ang Qur'an], at ang pinakamainam na patnubay ay ang patnubay na ibinigay ni Muhammad. At ang pinakamasamang gawain ay ang kanilang pagbabago (sa katuruan sa Islam); at ang lahat ng (Bid'ah) pagbabago (sa katuruan sa Islam) ay kamalian"* [Iniulat ni Muslim].

Ang ikalawang paksa ay ang pagbibigay hatol ng batas bukod pa sa batas na ipinahayag ng Allah (batas ng Allah). Sa Qur'an, inilarawan ng Allah yaong nagpapasya ng batas bukod pa sa Kanyang Batas bilang di-mananampalataya. Tinawag sila ng Allah ng *"Al-Kaafiroon"*, *"Al-Fasiqeen"*⁵ at *"Dhalimeen"*⁶. Kanyang sinabi:

﴿ وَمَنْ لَّمْ يَتَّخِمْ بِمَا أَنْزَلَ اللَّهُ فَأُولَئِكَ هُمُ الْكَافِرُونَ ﴾

*"At sinuman ang hindi (ginamit) sa pagpapasya ang ipinahayag ng Allah, tunay na sila ay Kaafiroon (di-mananampalataya)"*⁷ [Surah al-Ma'edah 5:44]. [At ganoon din sa talatang 5:45 at 5:47].

Magkagayon, papaanong iiwanan ng isang tao ang batas na itinalaga ng Allah at papalitan ng batas na gawa lamang ng mga tao? Walang alinlangan na ito ay di-makabuluhan at di-makatwirang pagpapasiya o pagpili. At sinuman ang gumawa nito ay isang *Kaaffir* (dinaniniwala sa Allah at sa Kanyang Sugo). Si Sheikh Muhammad Bin Saalih Al-Uthaimen ay nagsabi tungkol sa paksang ito nang ganito, "Ang paghatol sa pamamagitan ng mga batas bukod sa batas na ipinahayag ng Allah ay nahahati sa dalawang bahagi:

1. Pagtatangka upang palitan ang anumang ipinahayag ng Allah (Batas ng Allah) ng batas na gawa lamang ng tao o ng mga *taghoot* (mga huwad na diyos). Walang pag-aalinlangan na ito ay pagkakasalang *Kufr*, sapagka't sinumang nagtangkang ilagay ang kaniyang sarili sa katayuan ng

⁵ **Fasiqeen**-sila ang mga taong sumusuway at lumilihis sa kautusan ng Allah. Sila ay may matigas na puso na walang pananampalataya sa Kanya. Sila ang mapaggawa ng mga kabuktutan at kaguluhan sa mundong ito.

⁶ **Dhalimeen**. Ito ay isang salita mula sa wikang arabik na tumutukoy sa lahat ng taong makasalanan, mapaggawa ng katampalanan sa pamamagitan ng pang-aabuso, pang-aapi sa kapwa, at suwail na lumalabag sa hangganang kautusan ng Allah. Sila na kung ipagkaloob sa kanila ang kapangyarihan ay mapaniil na umaalipin sa mga mahihinang tao.

⁷ Sa suliraning ito, maraming tao ang sumangguni sa salita ni Ibn Abbas tungkol sa talata (5:44), na ito ay nangangahulugan ng maliit na *Kufr* kung saan hindi naghihirang pagtalikod (apostasy). Nguni't ang pagkasalaysay sa salita ni Ibn Abbas ay mahina dahil ito ay nagmula sa isang mananalaysay na si Hisham ibn Hujjair kung saan itinuring ni Imam Ahmad, Yahya Ibn Ma'ean, Yahya Ibn Sa'ead at Awqaily na di mapanaligan (Adduafa V4 P337). Kaya, ang totoo tungkol sa suliraning ito ay Wa Allahu A'alaam, ito ay malaking *Kufr* ayon sa salaysay ni Abu Abdulrazaq sa kanyang tafseer, na si Ma'Amr ay nagsabi si Ibn Taw'ose ay nagsabi ang kanyang ama ay nagsabi na si Ibn Abbas ay tinanong tungkol sa talatang 5:44, at ang sabi ni Ibn Abbas "ito ay *Kufr*".

Tagapaglikha sa pamamagitan ng pagbibigay pasya sa mga tao, na sa katotohanan, siya ay walang karapatan.

2. Isinasantabi ang ipinahayag ng Allah (Batas ng Allah) nang walang pagbabago at ipinaubaya ang pagpapatupad nito sa mga namumuno (hari, presidente, atbp.) na nagpapasya sa pamamagitan ng batas na gawa ng tao. Batay dito, mayroong tatlong katayuan ang dapat na isaalang-alang:

- Ang isang pinunong nagpapasya ng batas na sumasalungat sa anumang ipinahayag ng Allah (batas ng Allah), na naniniwala na ang mga batas na gawa ng tao ay katumbas lamang o mas higit pa kaysa sa Batas ng Allah. Ito ay itinuturing na *Kufr*.
- Ang pinunong nagpapasya sa pamamagitan ng batas na gawa lamang ng tao upang pinsalain o saktan ang sinumang nilapatan niya ng paghatol nito. Sa kasong ito, hindi natin masasabi na ang pinuno ay isang *Kaaffir*, nguni't maaari nating sabihing siya ay isang mang-aapi, sapagka't siya ay nanatiling naniniwala na ang batas na ipinahayag ng Allah ay nakahihigit sa lahat ng batas at nalalaman niya na ang kanyang ginawa ay tanda ng pagsuway (sa Allah).
- Ang pinunong umiiwas magbigay ng pasya mula sa ipinahayag ng Allah (Batas ng Allah) upang maisakatuparan ang pansariling pagnanasa o para sa kapakanan ng iba. Ito ay isang napakalaking kasalanan. [mula sa *Fiqh Al-Ibadat* ni Sheikh Muhammad Bin Saalih Al-Uthaimen; pahina 60, Katanungan Bilang 30.].

Ang Ika-lima: "Ang kasuklaman (o tanggihan o talikdan) ang anumang dalang batas (o gawang pagsamba) ng Propeta ﷺ, kahit na ito ay kanyang isinasagawa; samakatuwid ito ay itinuturing bilang isang pagkakasalang *Kufr* (kawalan ng pananampalataya). Ang mga *Ulamaa* (mga iskolar) ay nagkaisa na ito ay nakapagpapawalang-bisa sa Islam ayon sa nakasaad sa aklat na *Al-Iqna'a*. Ito ay kabilang sa di-pagkagusto o pagtanggihan sa anumang dinala ng Propeta ﷺ sa *Ummah* (pamayanan, tagasunod atbp.) kabilang ang anumang salita o gawa, maging ito man ay tungkulin o isang bagay na ipinagbabawal. Halimbawa, kung ang asawang babae ay tumanggi o tinatalikdan ang batas na nagbibigay sa kanyang asawa ng karapatang mag-asawa ng iba pa, siya ay mahuhulog sa ganitong uri ng pagkawala ng bisa ng kanyang Islam. Subali't, kung kanyang tanggapin ang batas o kapasiyahang ito nguni't hindi lamang niya nais na gawin ito ng kanyang asawa sapagka't hindi niya nais na makisalo ang ibang babae sa kanyang asawa, samakatuwid, ito ay pinahihintulutan. Karagdagan pa, yaong mga nagsasabing ang pagkakaroon ng alipin ay isang pang-aapi dahil di-makatarungan ang magkaroon ng pag-aaring tao o kaya naman ang pagsasabi na ang *Jihad* (pakikibaka o pakikipaglaban sa Landas ng Allah) sa Islam upang ibantayog ang Salita ng Allah ay mali, ito ay nahuhulog sa pagkawalang-bisa sa Islam. Ang Allah ay nagsabi sa Qur'an:

﴿ وَالَّذِينَ كَفَرُوا فَتَعَسَا لَهُمْ وَأَصْلٌ أَعْمَلَهُمْ ﴿١٠٠﴾ ذَلِكَ بِأَنَّهُمْ كَرِهُوا مَا أُنزِلَ اللَّهُ فَاحْبَطُوا أَعْمَلَهُمْ ﴿١٠١﴾ ﴾

"Subali't yaong mga di-naniniwala [sa Kaisahan ng Allah], sa kanila ay kahirapan (pagkawasak), at gagawing walang-kabuluhan [ng Allah] ang kanilang mga gawa. Iyan ay dahil sa kinamumuhian nila ang anumang ipinahayag ng Allah [ang Qur'an, batas Islamiko,

atbp.], kaya Kanyang ginawang walang kabuluhan ang kanilang mga gawa. [Surah Muhammad 47:8-9]

Mayroong dalawang kondisyon ang nagpapawalang-bisang ito:

- Kinakailangang malaman ng tao na ang gawaing kanilang tinatanggihan o kinamumuhian ay isang itinalagang Islamikong pasya mula sa Qur'an at sa Sunnah (i.e. *As-Salaat*).
- Kinakailangang mayroong *Ijma'a* (pinagtibay o pinagkaisahan ng mga Muslim na Iskolar) sa pasya o desisyong ito. Kapag ang isang tao ay namuhi sa pasyang may *Iqtilaf* (di-pagkakaunawaan) ng mga Iskolar, magkagayon ito ay hindi maituturing na *Kufr*.

Kapag ang isang Muslim ay hindi nagsasagawa ng gawaing itinalaga ng Allah at ng Kanyang Sugo, siya'y hindi nabibilang sa nakapagpapawalang-bisang ito.

Ang Ika-anim: *"Sinumang kumutya (o lumibak) sa anumang bagay na sumasaklaw sa relihiyon ni Propeta Muhammad maging sa paksang nauukol sa gantimpala o kaparusahang binanggit dito ay itinuturing bilang Kufr.* Ang katibayan ay ang sinabi ng Allah sa Banal na Qur'an:

﴿ قُلْ أِبَالَهُمْ وَعَاقِبَتُهُمْ وَأَسْوَأُ مِنْهُمْ مَتَّعْتُهُمْ وَكُنْتُمْ تَكْفُرُونَ ۚ لَا تَعْتَذِرُوا قَدْ كَفَرْتُمْ بَعْدَ إِيمَانِكُمْ ۚ ﴾

"Sabihin: *Ang inyo bang kinukutya ay ang Allah at ang Kanyang Ayaat (mga patunay, katibayan, talata, aral, palatandaan, kapahayagan, atbp.) at ang Kanyang Sugo? Huwag magdahilan pa; kayo ay naging di-nananampalataya pagkaraan ninyong maniwala".* [Surah at-Tawbah 9:65-66]

Sinumang kumutya sa Allah, sa Sugo o sa relihiyong Islam ay nakagawa ng pagkakasalang *Kufr* kahit na sila ay nagbibiro at hindi tapat. Isinalaysay ni Abdullah Bin Umar na may isang lalaki sa panahon ng digmaan ng Tabuk na nagsabi: *"Wala pa kaming nakitang tao (mga malaki ang tiyan), nang higit na nagsisinungaling at higit na duwag sa digmaan kaysa sa kanila na mga tao"* (Ang kanyang tinutukoy ay ang tagabasa ng Qur'an sa Propeta ﷺ). Si Awf bin Malik ay tumayo at nagsabi: ***"Katunayan, ikaw ay sinungaling at mapagkunwari, ipaaalam ko sa Sugo ng Allah ang tungkol sa iyong mga salita"***. Kaya siya ay pumunta sa Sugo ng Allah, nguni't sa mga sandaling yaon, siya (Sugo ng Allah) ay nakatanggap na ng kapahayagan mula itaas. Sa mga sandali ring yaon, ang mapagkunwari ay lumapit sa Sugo ng Allah habang siya (Sugo) ay nasa likod na ng kanyang kamelyo para magsimula ng kanyang paglalakbay. Siya ay nangatwiran, *"O Sugo ng Allah! Kami ay nagbibiro lamang at pilit lang naming pinalilipas ang oras habang kami ay naglalakbay"*. Si Ibn Umar ay nagsabi: *"Na parang nakikita ko siya ngayon na nakakapit sa sinturon ng upuan ng kamelyo ng Sugo ng Allah na tumatakbo habang ang kanyang mga binti ay humahampas sa lubak-lubak na daanan, at kahit sa ganoong kalagayan ay patuloy pa rin siyang nangangatuwiran"*. Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: ***"Ang inyo bang kinukutya ay ang Allah at ang Kanyang Ayaat (mga patunay, katibayan, talata, aral, palatandaan, kapahayagan, atbp.) at ang Kanyang Sugo? Huwag magdahilan pa; kayo ay naging di- nananampalataya pagkaraan ninyong maniwala"***. [9:65-66]. Siya'y hindi tumingin at nangusap sa kanila [Iniulat ni Ibn Jarir, Ibn Abi Hatim atb.] Ipinaalam ng Allah na silang mga nagkukunwari ay maibibilang *Kuffar* dahil sa kanilang pangungutya sa Sugo at sa kanyang mga

Sahaba (kasamahan) pagkaraan ng kanilang paniniwala. Kaya ang pangungutya sa Allah, sa Kanyang Sugo o sa relihiyong Islam ay maituring na *Kufr* at pagkukunwari. Nararapat sa Muslim na katakutan ang pagkukunwari at ang pagkahulog dito ayon sa sinabi ni Ibn Aby Malaikh, "Aking naabutan ang tatlumpu sa mga kasamahan ng Sugo ng Allah at kanilang kinatatakutan sa kanilang mga sarili ang pagkukunwari ". Ang pangungutya ay hindi lamang nagagawa sa pamamagitan ng salita, nagagawa rin ito sa ibang paraan katulad ng pagkisap ng mata, paglawit ng dila, pagturo ng daliri, atbp. Halimbawa, kung ang isang Muslim ay nagpahaba ng balbas (obligadong sunnah ng Propeta ﷺ) at ginawang katatawanan ito ng isang tao (ang dahilan ng pagpapahaba ng balbas ay pang-Islamikong usapin), magkagayon ito ay *Kufr*. Subali't kung ang pangungutya ay ginawa sa isang nang walang pagsasama sa kanyang relihiyon (pananampalataya), magkagayon ito ay hindi *Kufr*, nguni't ito ay isa ring malaking kasalanan, *Gheebah* (pagtsitsismis tungkol sa isang tao ng mga bagay na hindi niya nagugustuhan habang siya ay wala o nakatalikod).

Ang Ika-pito: "Mahika [karunungan itim], sinuman ang magsasanay o umaayon dito, siya ay isang *Kaaffir*. Ang katibayan nito, ang Allah ay nagsabi:

﴿ وَمَا يُعْلِمَانِ مِنْ أَحَدٍ حَتَّى يَقُولَا إِنَّمَا نَحْنُ فِتْنَةٌ فَلَا تَكْفُرْ ۗ ﴾

"Nguni't sila [ang dalawang anghel, *Harut at Marut*] ay hindi nagturo sa isa man sa kanila (ng mahika) hanggang sa kanilang sinabi, "kami ay pagsubok lamang, kaya't huwag kayong sumuway [sa pamamagitan ng pagsasanay ng karunungan itim]" [Surah al-Baqarah 2:102].

Ang mahika ay pinakahulugan ng mga Iskolar sa Islam sa ibat-ibang paraan. Nguni't ang pinakamalapit na kahulugan nito ay "*Ruqa'a*" (salita na binabanggit ng mga salamangkero, at isang bagay na ibinuhol na nakapipinsala sa puso at katawan ng isang tao na nauwi sa matinding karamdaman o di kaya ay kamatayan, o naghiiwalay sa mag-asawa. Ang mahika [karunungan itim] ay may dalawang uri:

1. Mahika o Salamangka [Karunungan Itim] sa pamamagitan ng paggamit ng ruqa'a o bagay na ibinubuhol: Ang uri na ito ay nagagawa sa tulong ng *Shayaateen* (mga demonyo o engkanto) sa pamamagitan ng pagsamba sa kanila upang maiahin sa mga mahikero ang kanilang serbisyo. Ang uri na ito ay isang *Shirk* (pagtatambal) at ang sinuman ang magsasanay nito ay isang *Kaaffir*.
2. Mahika [Karunungan Itim] sa pamamagitan ng paggamit ng herbal at medisina: Maaaring ito ay nakapipinsala sa paningin ng isang tao. May di pagkakaunawaan ang mga Iskolar ng Islam tungkol sa uri ng mahikang ito, kung ito ba ay maituturing bilang pagtalikod sa pananampalataya o hindi. Si Imam As-Shiniquity ay nagsabi sa kanyang *tafseer Ath'wa Al-Bayan* ng ganito, "*Kapag ang mahika (karunungan itim) ay (ginagawa) upang humingi ng tulong sa mga natatanging bagay katulad ng lana o mantika, atbp. Magkagayon ang uri na ito ay mahigpit na ipinagbabawal nguni't hindi ito nauwi sa pagtalikod sa pananampalataya*" (Vol 4, pahina 456).

Mayroon pang ibang usapin tungkol dito. Ang mahikero ba ay karapat-dapat patawan ng malaking kaparusahan o hindi? May dalawang opinyon [kuro-kuro] ang mga Iskolar tungkol dito:

1. Oo, nararapat sa kanyaang parusahan, dahil sa kanyang pagsasanay sa lahat ng uri ng mahika. Ito ang opinyon ng karamihan sa mga Iskolar at ito ang siyang opinyon nina Imam Malik at Imam Ahmad.
2. Hindi, hindi nararapat sa kanya ang parusahan, maliban lamang kung siya ay magsasanay ng gawang mahika na nagpapatiwalag sa pananampalataya. Ito naman ang kuro-kuro (opinyon) ni Imam Shaa'fi'i.

Papaano natin Malulunasan ang Karunungan Itim o mahika? May dalawang paraan para dito:

1. An-Nushrah: Ang paghingi ng lunas mula sa mga salitang gamit sa mahika o karunungan itim/engkantong, na ang ibig sabihin nito ay ang pagpunta sa mga salamangkero o mahikero upang pawalan ng bisa ang mahika. Ang pamamaraang ito ay *Haraam* (ipinagbabawal) at ito'y nagbibigay daan tungo sa *Kufr* kung ang isang tao ay gagawa ng gawang *Kufr* na maaaring hilingin ng mahikero mula sa kanya. Isinalaysay ni Jabir na ang Sugo ng Allah ay tinanong tungkol sa *An-Nushrah*. Siya ay nagsabi: "**Ito ay gawang ng shaytaan (demonyo)**" [Iniulat nina Ahmad at Abu Dawood ng may mapanaligang mananalaysay]. Ganoon din, ang pagsasangun sa mga salamangkero /mahikero at paniniwala sa kanila ay *Kufr* (kawalan ng pananampalataya).

Isinalaysay ni Abu Hurairah na ang Sugo ng Allah ay nagsabi: "**Sinuman ang pupunta sa manghuhula at paniwalaan ang kanyang mga salita ay tunay na nagtakwil sa anumang ipinahayag kay Muhammad**" [Iniulat ni Al-Hakim, na isinaalang-alang bilang mapanaligan].

2. Ruqyah: Pagbabasa ng Qur'an (anumang talata sa Banal na Qur'an ay maaari, bagaman may mga talata na higit na mabisa katulad ng Kabanata bilang 1, ito ang *Surah Al-Fatiha*, *Surah Ikhlas* 112, *Surah Al-Falaq* 113, at *Surah An-Nas* 114) at panalangin mula sa *Sunnah* at pagkatapos ay ihip sa napinsalang bahagi ng katawan. Ito ay pinahihintulutang pamamaraan.

Ang ika-walo: "Pagtulong sa mga *Polythiest* (sumasamba sa maraming mga diyus-diyusan) laban sa mga Muslim. Ang katibayan ay ang sabi ng Allah sa Banal na Qur'an:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا لَا تَتَّخِذُوا الْيَهُودَ وَالنَّصَارَىٰ أَوْلِيَاءَ ۚ بَعْضُهُمْ أَوْلِيَاءُ بَعْضٍ ۚ وَمَنْ يَتَوَلَّهُمْ مِنكُمْ فَإِنَّهُ مِنَّهُمْ ۗ ﴾

"O kayong mga mananampalataya! Huwag ninyong ituring ang mga Hudyo at mga Kristiyano bilang Auliya⁸ [kaibigan, tagapagtanggol, katulong] (katunayan) sila ay Auliya

⁸ **Auliya**-tinutukoy na Auliya ay kinabibilangan ng lahat ng bagay o anupaman na itinuturing ng ibang tao bilang kanilang tagapamagitan, o kanilang diyos o *Rabb* na pinag-uukulan nila ng tapat na pagsamba at pagdalangin kapalit ng tunay na Diyos-Allah. Katulad halimbawa ng pagsamba sa mga santo o santa, sa mga anghel, sa mga Propeta tulad ni Hesus, o kay Buddha na tao ring tulad ni Hesus na sinamba at ginawang ganap na diyos. Subali't ang likas na kaisipan ng tao ay hindi maaaring magtakwil sa katotohanan na walang dapat pag-ukulan ng tapat na

[kaibigan] sa bawa't isa. At kung mayroon man sa inyo ang magturing sa kanila bilang Auliya, magkagayon siya ay kabilang sa kanila" [Surah al-Ma'edah 5:51].

Ang pagtulong sa mga *Kuffar* laban sa mga Muslim sa kasalukuyang panahon ay isang napakahalagang usapin sa dahilang may malaking paghahalubilo ng mga Muslim at ng *Kuffar*. Ang gawaing ito ay humihirang sa tao bilang pagtalikod sa pananampalataya. Sa *Fatawa* ni Sheikh Bin Baz (V 1 p.274) kanyang sinabi: "*Ang mga Muslim Iskolar ay nagkasundo na sinuman ang tumulong sa Kuffar (di-mananampalataya) laban sa mga Muslim sa kahit na anong paraang pagtulong, magkagayon siya ay itinuturing na Kaaffir na katulad din nila*". Ang kahulugan ng pagtulong sa *Kuffar* laban sa mga Muslim ay ang pagtulong sa kanila laban sa Muslim sa pamamagitan ng pagsanib sa kanila at pagtatanggol sa kanila sa kahit anumang paraan (sa salita, pagsusulat ng mga lathalain, pagtatanggol sa sarili atbp.). Maaari din ang pagtulong sa mga *Kuffar* laban sa Muslim ay sa pamamagitan ng pagtatanggol sa kanila, pangangalaga sa kanila, pagmamahal sa kanilang *Aqeedah* (maling pananampalataya), panggagaya sa kanila (sa kanilang relihiyon, kaugalian atbp.) Ganoon din, kahit na kinasusuklaman mo ang kanilang pananampalataya nguni't tinutulungan mo naman sila laban sa mga Muslim, ito ay itinuturing ding *Kufr*. Ang bunga ng pagtulong sa *Kuffar* laban sa mga Muslim ay pagkahina ng Relihiyong Islam, ang paglago ng *Kufr* at pagbibigay daan sa maling pananampalataya ng *Kuffar* upang magapi o malampasan ang Islamikong *Aqeedah* (paniniwala).

Ang Ikasiyam: "Sinumang naniniwala na may ilang tao na di saklaw o sakop (hindi dapat pumailalim) sa pagsunod sa *Shariah* (Batas ng Islam) ni Muhammad: Ang nakapagpapawalang-bisang ito ay tumutukoy sa mga gawain ng ibang *Sufis* kung saan, sila'y naniniwala na ang *Wali* (matuwid na muslim) ay hindi na kinakailangan pang sumunod sa relihiyon ni Propeta Muhammad ﷺ at siya (*Wali*) ay may karapatang itigil ang pagsunod sa relihiyon sa pamamagitan ng di pagsasagawa ng *As-Salaat* (pagdarasal) at iba pang gawain kapag siya ay nakaabot sa kalagayan ng *Al-Yaqeen* (kasapatan o katiyakan ng pananampalataya). Ang Allah ay nagsabi sa Banal na Qur'an:

﴿وَأَنَّ هَذَا صِرَاطِي مُسْتَقِيمًا فَاتَّبِعُوهُ ۖ وَلَا تَتَّبِعُوا السُّبُلَ فَتَفَرَّقَ بِكُمْ عَن سَبِيلِهِ ۗ﴾

"At katotohanan, ito ang Aking matuwid na landas, kaya't sundin mo ito, at huwag mong sundin ang landas ng iba, dahil sila'y maglilihis sa iyo papalayo mula sa Kanyang landas". [Surah al-An-am 6:153].

Ang patunay ay ang ginawa ni Propeta Al-Khidr kay Musa (Moises) nang siya ay hindi sumunod kay Propeta Musa. Nguni't si Al-Khidr ay isang Propeta na binigyan ng Allah ng kapahayagan. Ang patunay na si Al-Khidr ay Propeta ay ang mga sumusunod:

Ano ang sinabi ng Allah sa Banal na Qur'an:

pagsamba maliban sa Diyos na Lumikha sa lahat ng bagay, tao o anupaman. Ito ang pangunahing kautusan ng Diyos na nakatala sa buong kasaysayan ng mga Banal na Kasulatan na ipinadala sa sangkatauhan.

﴿ فَوَجَدَا عَبْدًا مِّنْ عِبَادِنَا آتَيْنَاهُ رَحْمَةً مِّنْ عِنْدِنَا وَعَلَّمْنَاهُ مِمَّا لَدُنَّا عِلْمًا ﴿٦٥﴾ قَالَ لَهُ مُوسَىٰ هَلْ أَتَّبِعُكَ عَلَىٰ أَنْ تُعَلِّمَنِي مِمَّا عُلِّمْتَ رُشْدًا ﴿٦٦﴾ ﴾

"Pagkaraan ay kanilang natagpuan ang isa sa Aming mga alipin [si Al-Khidr], na Amin siyang pinagkalooban ng habag mula sa Amin, at siya'y tinuruan ng kaalamang mula sa Amin. Si Musa ay nagsabi sa kanya [kay Al-Khidr]: Maaari ba akong sumunod sa iyo upang ako'y iyong maturuan ng ilan sa mga bagay mula sa kaalaman (gabay at tunay na daan) na itinuro sa iyo (ng Allah)?" [Surah al-Kahf 18:65-66].

Dito, makikita natin kung papaano ang isang Propeta ay nagpupumilit matuto mula sa isang tao na tinuruan ng Allah, na isa ring Propeta at hindi isang karaniwang tao sapagka't ang pahayag ay ibinibigay lamang sa Propeta.

Nang gawin ni Al-Khidr ang tatlong gawaing nabanggit sa Kabanata 18 Al-Kahf (nang butasan niya ang barko, pag-aayos sa nasirang pader, at pagpatay sa batang lalake), tinanong siya ni Musa kung bakit niya ginawa ito. Si Al-Khidr ay sumagot:

﴿ وَمَا فَعَلْتُهُ، عَنِّ أَمْرِي ذَٰلِكَ تَأْوِيلُ مَا لَمْ تَسْطِعْ عَلَيْهِ صَبْرًا ﴿٨٢﴾ ﴾

"At ginawa ko ang mga ito hindi sa sarili kong kapakanan. Iyan ang pakahulugan ng mga (bagay) na hindi mo napagtimpian". [Surah al-Kahf 18:82].

Ginawa niya ang mga iyon sapagka't ipinahayag sa kanya ng Allah na gawin iyon na nangangahulugan ng kanyang pagiging Propeta.

Mayroong usapin dito na aking babanggitin. Marami sa mga tao ang nag-aangkin na si Al-Khidr ay nanatiling buhay, ito'y maling paniniwala at ang katibayan ay ayon sa naiulat sa Saheeh Muslim: Si Abdullah Bin Umar ay nag-ulat na ang Sugo ng Allah ay namuno sa amin sa *Salaah* (pagdarasal) ng *Isha* sa huling bahagi na ng gabi, at nang siya ay nagtasleem (pagtatapos ng pagdarasal) siya ay tumayo at nagsabi: "**Nakikita ba ninyo ang gabing ito? Sa huling Isandaang taon pagkaraan nito, walang sinumang makaliligtas dito sa ibabaw ng lupa (mula sa aking mga kasamahan [sahaba])**". Ang sabi ni Abdullah Bin Umar: Ang mga tao ay hindi nakauunawa sa salitang ito ng Sugo ng Allah na kanyang binigkas tungkol sa Isandaang taon. Katunayan ang ibig sabihin ng Sugo ng Allah (sa salitang ito) na sa araw na yaon, wala mula sa kanyang mga kasamahan [sahaba] ang makaliligtas (mananatiling buhay) pagkaraan ng isandaang taon at iyon na ang wakas ng kanyang panahon". Kaya't, mula sa *Hadith* na ito, malalaman natin na si *Al-Khidr* ay patay na at hindi buhay, katulad ng paniniwala ng iba.

Ang Ika-sampu: "Pagtalikod papalayo mula sa Relihiyon ng Allah (Islam), sa pamamagitan ng di-pag-aaral nito at di-pagsasagawa nito. Ang patunay ay ang Salita ng Allah sa Banal na Qur'an:

﴿ وَالَّذِينَ كَفَرُوا عَمَّا أُنذِرُوا مُعْرِضُونَ ﴿٨٥﴾ ﴾

"Nguni't sa kanila na di-naniwala, sa anumang babalang ibinigay sa kanila, sila ay tumalikod papalayo". [Surah al-Ahqaf 46:3].

Kinakailangan sa bawa't Muslim ang pag-aralan niya ang kanyang Relihiyon upang masamba ang Allah sa paraang tama at gampanan ang anumang ipinag-utos sa kanila ng Allah. Kaya, ang pag-iwas sa pag-aaral sa mga pangunahing aral ng Islam kagaya ng *At-Tawheed* (Kaisahan ng Allah), *As-Salaat* (limang beses na pagdarasal), *A'Zakat* (Taunang kawanggawa), atbp. ay isang *Kufr*. Ilan sa mga tao ay nagsasabi na sila ay naniniwala sa Kaisahan ng Allah at sa Mensahe ni Propeta Muhammad ﷺ, nguni't kanilang iniwan o pinababayaang ang ibang katuruan ng kanilang pananampalataya. Ito ang ibig tukuyin ng may akda dito. Nguni't ang pag-iwas sa pag-aaral sa mga maliliit na katuruan sa Islam ay hindi kabilang sa nakapagpapawalang-bisang ito, dahil ang pag-iwan sa mga gawaing ito ay hindi itinuturing na *Kufr*.

Walang pagkakaiba sa lahat ng nakapagpapawalang-bisang ito sa pagitan ng nagbibiro at seryoso, o sa mga takot maliban lamang sa kanya na pinilit (hindi siya mananagot sa gawaing ipinilit sa kanya ng iba). At ang lahat ng mga ito ay pawang mapanganib na siya namang palagiang ginagawa ng mga tao. Kaya nararapat sa isang Muslim ang iwasan ang mga ito at katakutan ang pagkahulog ng sarili mula rito. Si Imam Muhammad Bin Abdulwahab ay nagsabi sa kanyang aklat na "*Kashif As-Subuhah*" [balangkas]: "Walang alinlangan na ang *At-Tawheed* ay nararapat pinaniniwalaan [sa puso], sinasabi [ng dila], at ginagawa [ng bahagi ng katawan] at kung isa sa tatlo ay mawawala, ang tao ay hindi maituturing na Muslim. At kapag nalalaman ng tao ang *At-Tawheed* (Kaisahan) nguni't hindi niya ito isinasabuhay, magkagayon siya ay isang *Kaaffir* at siya ay nagmamatigas na katulad nina Paraon at Iblis (satanas). Subali't kung isinasagawa naman ng isang tao ang *At-Tawheed* ng hayagan nang wala namang pag-unawa at walang paniniwala nito sa puso, samakatuwid siya ay maituturing na isang *Muna'fiq* (taong mapagkunwari) na mas masaklap pa kaysa sa *Kaaffir*.

Wa Allahu A'lam (At ang Allah ang lubos na nakaaalam). Wa Salla Allahu Wa Sallam Ala Nabi'na Muhammad.

Isinalin sa Wikang Filipino ni:

Yusuf Alaiden Butucan

May 10, 2005

Rabi'a Tha'ni 02, 1426

Riyadh, Kingdom of Saudi Arabia

